Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

7i'4
2-9-11

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG PEBRERO 7, 2011, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | . . . | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | . . . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | . . . | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay<br>nasa lakad-opisyal |

**KAPASIYAHAN BLG. 080-T2011**

**KAPASIYAHANG KINIKILALA ANG (PSL) SAMAHANG KABABAIHAN NG SANTA CRUZ MULTI-PURPOSE COOPERATIVE BILANG ISANG SAMAHAN, AYON SA PAGSUNOD SA KAUTUSANG BAYAN BLG. 5-T'92.**

**SAPAGKA'T,** ayon sa Kautusang Bayan Blg. 5-T'92, lahat ng mga samahang sibiko o samahang di-konektado sa pamahalaan (NGO's) ay kinakailangang i-accredit o kilalanin ng pamahalaang bayan;

**SAPAGKA'T**, may kahilingan ang (PSL) Samahang Kababaihan ng Santa Cruz Multipurpose Cooperative na kilalanin ito bilang isang samahan ayon sa pagsunod sa nasabing kautusan;

**SAPAGKA'T,** matapos na masuri at makita ang pagtugon ng nasabing samahan sa mga kailangan o "requirements" para sa pagkilala ng isang samahan gayundin ang layuning maging katulungin ng pamahalaang bayan sa pagpapatupad ng mga programa at proyektong pangkabuhayan at pangkooperatiba ay iminungkahi ng Lupon sa Batas ng Sangguniang Bayan na irekomenda ang pagkilala sa nabanggit na samahan;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N, Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Batas), na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG** : Kilalanin ang (PSL) Samahang Kababaihan ng Santa Cruz Multipurpose Cooperative bilang isang samahan, ayon sa pagsunod sa Kautusang Bayan Blg. 5-T92.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Manananggol at (PSL) Samahang Kababaihan ng Santa Cruz Multipurpose Cooperative, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Pebrero 7, 2011**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO:

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan